Mga Iksemsiyon

Ang Programa sa Pambansang Pagtatasa -Pagkamarunong Bumasa, Sumulat at bumilang (NAPLAN) ay isang programa ng pagtatasa para sa mga mag-aaral sa Year 3, Year 5, Year 7 at Year 9, sinusuri ang kaalaman at kasanayan sa Karunungang bumasa at sumulat at Karunungang bumilang.

Ang mga resulta ng mga pagsusulit ay magbibigay impormasyon sa mga mag-aaral, mga magulang, mga guro at mga punong-guro tungkol sa natamo ng mga mag-aaral na maaaring gamiting pansuporta sa pagtuturo at pag-aaral.

Pakitingnan ang Polyetong Pang-impormasyon sa Magulang sa www.vcaa.vic.edu.au para sa karagdagang impormasyon ukol sa NAPLAN.

Sa ilang mga kalagayan, ang mga mag-aaral ay maaaring bigyan ng iksemsiyon mula sa mga pagsusulit ng NAPLAN. Ang punong-guro ay maaari lamang magbigay ng iksemsiyon sa;

- **mga mag-aaral na may mga kapansanang pangkaisipan.**

Ang mga mag-aaral na may malubhang kapansanang pangkaisipan na dahilan upang hindi niya magampanan ang pagtatasa, ay maaaring mabigyan ng iksemsiyon. Kasama na dito ang mga mag-aaral na hindi kayang makasunod kahit sa pangkalahatang mga instruksiyon ng pagtatasa. Gayunman, ang mga mag-aaral ay hindi bibigyan ng iksemsiyon dahilan lamang sa mababang mga marka o suliraning pangdisiplina. Ang mga mag-aaral na maaring isailalim sa mga espesyal na probisyon ay kinakailangan tasahan. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga espesyal na probisyon, mangyari lamang na talakayin ito sa iyong paaralan.

- **mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles nang wala pang isang taon**

Ang mga mag-aaral na dumating nang wala pang isang taon bago ang iksamen buhat sa ibayong dagat na ang pinagmulang bansa ay hindi Ingles ang wika ay maaaring bigyang ng iksemsiyon.

Ang mga mag-aaral na binigyan ng iksemsiyon mula sa mga iksameng NAPLAN ay itatalang nakakakuha ng marka na mababa sa pambansang mga pamantayan para sa layunin ng pag-uulat sa Konsehong Pangministro ukol sa Edukasyon, Trabaho, Pagsasanay at mga Kapakanang Pangkabataan (MCEETYA).

Ang mga mag-aaral na hindi lumahok sa mga iksamen ng NAPLAN sa kadahilanang bukod doon sa nakalista sa itaas ay **HINDI** dapat itatala na binigyan ng iksemsiyon.

Kailangang kumpletuhin ang form ng Talaan ng Iksemsiyon para sa bawa't mag-aaral na nabigyan ng iksemsyon, na may lagda ng punong-guro at ng magulang o tagapag-alaga.

Ang mga mag-aaral na nabigyan ng iksemsiyon na lumiban sa araw ng iksamen ay iuulat bilang mga mag-aaral na **binigyang ng iksemsiyon** sa halip na mga **lumibang** mga mag-aaral.